

Pagsasanggalang ng puno mga plano at patakaran.

Pagsasanggalang sa mga puno ng Calgary



Lahat ng pampublikong (pag-aari ng lungsod) puno ay pinagsasanggalang sa ilalim ng patakaran.

Patakaran sa Pagsasanggalang ng Puno mga pagbabawal:

- Pagputol, pagtanggap, paglipat o pagpungos ng mga puno ng Lungsod.
- Pagtusok sa balat o pagkakabit ng anumang bagay sa mga puno ng Lungsod (hal.: mga karatula, duyan, sampayan, tali).
- Pagtatanim ng mga puno o halaman sa lupa ng Lungsod.
- Pag-i-ispresy sa mga puno ng anumang substansya - maliban sa tubig.
- Pagkakabit ng kable ng kuryente o iba pang bagay sa mga puno.
- Walang pahintulot na pagpasok sa lugar ng protektadong puno.

Bakit dapat ipagsanggalang ang mga puno?


- Nililinis ng mga puno ang ating hangin at tubig.
- Nagpapanatili ng init kapag taglamig, ng lamig kapag tag-araw.
- Pinananatili at sinasala ng mga puno ang tubig-ulan at binabawasan ang pagguho ng lupa.
- Itinataguyod nito at sinusuportahan ang pagkasari-sari ng buhay ng mga nakatira sa lungsod.
- Pinagaganda ng mga puno ang ating mga komunidad at lumilikha ng damdaming pagkakapit-bahay.
- Pinatataas nito ang halaga ng iyong ari-arian.
- Ang puno ng Lungsod ay pagmamay-ari nating lahat, ang mga ito ay pinagsasaluhang pag-aari.

Mga Pakinabang ng Kapitaligiran

Mga Pakinabang ng Lipunan

Mga Pakinabang ng Komunidad

Mga Pakinabang ng Ekonomiya





Pampubliko o pamribadong puno?



Ang lahat ng puno sa gilid ng mga kalsada at sa loob ng Right-of-way ay pagmamay-ari ng Lungsod at protektado ng **Patakaran sa Pagsasanggalang ng Puno**.

Kabilang sa mga pampublikong puno ang anumang bahagi ng katawan nito na nasa tapat ng mga lupa ng Lungsod.



Nagtatayo o nagdedebelop ng pag-aari?



Kailangan ng Tree Protection Plan (TPP) kung ang ginagawa ay anim na metro ang lapit sa isang pampublikong puno. Ipakikita ng TPP kung paano dapat gawin ang trabaho at kung paano maipagsasanggalang ang mga puno ng Lungsod.

Anumang aktibidad na babago sa lupa (pagsiksik, paghuhukay o pagbabago ng sahig ng lupa) o paggambala ng mga sanga, katawan o mga ugat ay lubhang makakapinsala. Tatagal pa ng 10 taon ang mga puno bago ito kakikitaan ng mga palatandaan ng unti-unting pagkamatay, kaya kailangan nating maging palaisip tungkol dito.

Ang pagtanggap o pagpungos ng isang puno nang walang pahintulot o pagkakabit ng mga bagay sa isang pampublikong puno ay maaaring mapatawan ng multa ng hanggang \$10,000. Ang hindi pagsunod sa aprubadong Tree Protection Plan ay maaaring pagmultahin ng \$500.

Para sa higit pa tungkol sa mga Tree Protection plan, tumawag sa 311 o bumisita sa calgary.ca/trees.

